# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 44 BILANG 7 | BASAHIN AT TALAKAYIN | HULYO 2024


EDITORYAL


## Ilantad at labanan ang terorismo ng "Bagong Pilipinas"

Patuloy na sumasahol ang kalagayan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng papet at ilehitimong rehimeng US-Marcos II. Matinding krisis na nga ang pinapasan ng bayan, hinahambalos pa ito ng terorismo ng estado sa pangunguna mismo ni Marcos Jr. para panatilihin ang kasalukuyang naghaharing sistema na batbat ng korapsyon at pagpapakatuta sa imperyalismong US.

Panabing ang "Bagong Pilipinas" ng rehimeng US-Marcos II sa tunay na kalagayan ng bayan. Patuloy na inaagaw ang lupa ng mga magsasaka. Pinagkakaitan ang mga manggagawa ng makabuluhang umento sa sahod. Puu-puong milyon ang walang trabaho. Hindi kayang abutin ang sumisirit na presyo ng pangunahing bilihin. Lumobo pa ang utang ng Pilipinas para sa hindi kinakailangang imprastraktura at korapsyon na tiyak na papasanin ng mamamayan. Dumadaing na rin ang mga propesyunal at panggitnang pwersa sa mga patakaran ni Marcos Jr. na pawang pumapabor lamang sa kanyang mga kroni, pampulitikang paksyon at laluna sa imperyalismong US. Ipinagpapatuloy ni Marcos Jr. ang pangangayupapa sa US at tahasang nagpapagamit sa niluluto ng huli na gera laban sa China sa Asia Pacific.

Walang maloloko si Marcos Jr. sa pagpoposturang "mabait" taliwas sa karibal niyang si Duterte. Kagaya ng kanyang amang diktador, pasismo ang tugon ni Marcos Jr. sa mamamayang nakikibaka. Pinatindi niya ang paglabag sa karapatang tao sa pagpapatuloy ng mga mapanupil na batas na minana sa nagdaang rehimeng Duterte na Anti-Terror Law (ATL) at Anti-Terrorism Financing Law (ATFL). Ipinatupad niya ang maruming todo-gera laban sa mamamayan sa balangkas ng National Security Policy (NSP) 2023-2028 na sang-ayon sa US *counter-insurgency guide*. Gasgas na ginagamit ang palusot na "pagtitiyak sa pambansang seguridad" upang makapanghimasok ang NTF-ELCAC at magpatupad ng mga mapaniil na patakaran kahit sa mga usapin ng ekonomiya at pulitika.

Hinatulan na ng International People's Tribunal (IPT) na maysala



# KALATAS

Hulyo 2024
TOMO 44 BILANG 7


NILALAMAN


1 Ilantad at labanan ang terorismo ng "Bagong Pilipinas"

3 Ayon kay Ka Joma

4 Magwasto at lumaban upang makapagpalakas

5 Buwan ng pakikiisa sa rebolusyong Indian ng mamamayan ng TK

6 Mga manggagawa ng Nexperia, magwewelga

7 Balita: Hinggil sa engkwentro sa Oriental Mindoro at pasilidad militar ng US sa Palawan

8 Protestang bayan, sagot ng mamamayan ng TK sa ikatlong SONA ni Marcos Jr.

8 Tugon ni PdG: Ano ang pagtingin ng rebolusyonaryong kilusan sa nakaraang SONA ni Marcos Jr.?

10 Rehimeng Marcos II, pabaya at inutil noong bagyong Butchoy at Carina

11 US, pangunahin pa ring salot na imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas

14 Bantay Karapatan

15 Pahayag: Mula sa MINDORO

16 Poster: Mamamayang Pilipino at Indian, magkaisa, lumaban!



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social


sina Marcos, Duterte at ang imperyalismong US sa mga krimen sa digma. Inapirma nito ang papel ng AFP-PNP at NTF-ELCAC bilang pangunahing makinarya ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at imperyalismong US sa pang-aatake sa karapatang tao ng bayan sa ilalim ng kontra-rebolusyonaryong kampanya.

Taliwas sa ipinangangalandakan nitong pagsupil sa rebolusyonaryong pwersa, target ng ATL at ATFL ng rehimeng US-Marcos II ang mga kritiko, oposisyon, progresibo at makabayang indibidwal at samahan. Binabansagan itong mga ligal na prente ng rebolusyonaryong kilusan. Talamak ang *red-tagging* at paghahasik ng puting lagim sa kalunsuran at sentrong bayan para bigyang katwiran ang karahasan. Matindi ang pagmamanman sa mga komunidad ng manggagawa, lalo sa tirahan ng mga kilalang lider-unyonista at organisador. Sa Timog Katagalugan, naitala ang kaso ng paggamit ng mga ahente ng NTF-ELCAC sa mga lokal na yunit ng gubyerno lalo ang Sangguniang Barangay para ipatawag at pagbantaan ang mga biktima. Gayundin ang pag-aligid ng mga ahente ng NTF-ELCAC sa tahanan ng mga aktibista na nagdudulot ng takot pati sa pamilya nila. Dumarami rin ang presensyang militar at pulis sa mga komunidad na tumututol sa demolisyon at pagpapalayas sa Bacoor City at Lupang Tartaria sa Silang, Cavite; at lumalaban sa mapangwasak na konstruksyon ng dam sa Rodriguez, Rizal.


Nananalasa ang mga *focused military* at *retooled community support program operations* sa kanayunan sa tabing ng panunugis sa PKP at BHB. Laganap dito ang mga kaso ng sapilitang pagpapasuko, pagbabanta, panghaharas at intimidasyon, sarbeylans, iligal na imbestigasyon, tortyur, panggagahasa, pamamaslang, ekonomikong blokeyo at iba pa. Mistulang batas militar ang pagkontrol ng AFP sa dami ng bibilhing pagkain ng mga residente, pagtatakda ng *curfew* at pagpapa-*logbook* sa tuwing pupunta sa bukid ang mga magsasaka.

Paghuhugas-kamay sa mga krimen ng rehimeng US-Marcos II, ang itinayong Special Committee on Human Rights Coordination (Administrative Order No. 22) noong Mayo. Nagbabalat-kayo itong tutugon sa mga paglabag sa karapatang tao ng mamamayan habang nagsisilbing tabing para pagtakpan ang malalang kalagayan ng karapatang tao sa bansa.

Ang patuloy na pambubusabos at garapalang pagyurak ng rehimeng US-Marcos II sa demokratikong karapatan ay lalong magtutulak sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino na paigtingin ang kanilang paglaban sa paraang ligal, mala-ligal, armado at di-armado. Hindi dapat matakot ang bayan, bagkus patuloy na sumulong para magkamit ng mga tagumpay.

Dati nang ipinakita ng sambayanan ang kanilang lakas para biguin at ipawalang-saysay ang matinding brutalidad—ang pagpapatalsik sa diktador na si Marcos Sr. noong 1986 at paggapi sa mga kontra-rebolusyonaryong oplan sa kasaysayan. Sa Timog Katagalugan maningning na tagumpay ang pagbigo ng mamamayan sa mabangis na Oplan Bantay Laya noong rehimeng US-Arroyo. Nananatiling nakatayo ang mga larangan at sonang gerilya sa rehiyon sa kabila ng paghagupit ng mga kontra-rebolusyonaryong kampanyang Oplan Habol Tamaraw sa Mindoro at Task Force Banahaw sa Lower Sierra Madre. Hindi napatahimik ang boses ng mga demokratikong organisasyong tumututol sa mga mapaniil na patakaran at nagsusulong ng pambansa demokratikong interes ng bayan.

Ang pakikihamok sa pasistang teror ay pandayan ng mga lider-masa at samahang masa na matatag na harapin ang kamay na bakal




> “Ang terorismo na tinawag bilang penomenon ng pagbabanta o pagdudulot ng pangamba sa buhay, biyas at ari-arian ng sibilyang populasyon at pagkawasak ng sosyal na imprastraktura ay pangunahin at halos solong isinasakatuparan ng mga imperyalistang estado sa mga gerang agresyon at ng mga estadong naniniil sa mamamayang pinaghaharian nila at nagsasagawa ng malubha at sistematikong mga paglabag sa karapatang tao. Ang mga rebolusyonaryong kilusan ang iniresultang paglaban sa tiraniya at pagsasamantala.”
>
> *— Ang Anti-terrorism Act sa Pilipinas at kinalaman nito sa PKP at rebolusyonaryong kilusan, Daluyong ng Paglaban ng Mamamayan sa Pilipinas at sa Daigdig, Setyembre 1, 2020*

ng estado. Maglunsad ng mga pag-aaral sa batayang karapatan ng mamamayan upang maarmasan sila ng kaalaman sa pagtatanggol sa sarili at buong komunidad laban sa terorismo ng estado. Magpakabihasa sa pag-aaral ng reaksyunaryong batas at maksimisahin ang maliit na puwang at bentahe nito para gawing sandata para baligtarin ang lamesa laban sa kaaway at singilin ang estado. Dapat walang palampasin ni isang kaso ng paglabag sa karapatang tao at itambol ito sa publiko. Iugnay din ito sa pang-ekonomyang pakikibaka ng mamamayan, na ugat kung bakit sila sinusupil. Kaugnay nito, buuin ang pinakamahigpit na pagkakaisa sa antas ng mga komunidad, baryo patungo sa mas mataas na antas para kolektibong salagin at labanan ang paninibasib ng mga pasista at berdugong militar.

Kailangan ang tuluy-tuloy na pagpapalapad ng mga base ng rebolusyonaryong kilusang lihim para sa malawak na pagkilos at pag-oorganisa sa hanay ng nakararaming mamamayan. Magpakahusay sa pagkukumbina ng iba't ibang anyo ng pakikibaka at umangkop sa nagbabagong sitwasyon. Abutin at pakilusin ang mga abogado, tunay na lingkod bayan at *humanitarian workers* na magiging malakas na katuwang sa paglaban para sa karapatan.

Patuloy na igiit ang pagiging *unconstitutional* at hindi demokratiko ng ATL at mga katambal nitong batas. Silbing panimulang tagumpay ang hatol ng Korte Suprema na labag sa batas ang *red-tagging*. Ito ay puhunan upang palakasin ang panawagan ng pagpapabasura sa ATL, pagbubuwag sa Anti-Terror Council at NTF-ELCAC at paglilipat ng pondong militar tungo sa serbisyong panlipunan.

Isakdal at papanagutin ang mga talamak na *red-tagger* kagaya nina Ernesto Teneza ng 59th IBPA, Badoy, Celis, retiradong heneral na si Antonio Parlade Jr. at mga kabaro niya. Marapat ding singilin at papanagutin si Duterte na pataksil na nagsabatas ng ATL noong Hulyo 2020 sa gitna ng militaristang *lockdown* sa panahon ng pandemyang COVID-19. Gamitin ang resulta ng IPT upang usigin sina Marcos, Duterte at ang imperyalismong US sa mga paglabag sa karapatang tao.

Inspirasyon ang patuloy na pakikibaka ng mga demokratiko, progresibo at makabayang pwersa para isulong ang kapakanan ng buong bayan. Kapuri-puri ang kanilang matapang na pagharap sa teroristang estado. Dapat palakasin at palawakin ang hanay ng mamamayang naggigiit ng katarungan at idugsong ang pakikibaka para sa katarungan sa mga antipyudal at anti-imperyalistang pakikibaka. Ang makatwirang pakikibaka para sa kabuhayan at pambansang paglaya ay magpapaningas sa pakikibakang anti-pasista ng bayan.

Sa harap ng malaking hamon na ibunsod ang malawak at malakas na kilusang masa sa gitna ng pasismo-terorismo, higit na kailangang armasan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang kanilang sarili sa ideolohiya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo upang patatagin ang paninindigan sa gitna ng sakripisyo at kahirapan sa proseso ng pagkakamit ng tunay na kalayaan at demokrasya. K

### MGA PAGLABAG SA KARAPATANG TAO
SA **IKALAWANG TAON** NG
### REHIMENG US-MARCOS II

| | |
|---|---|
| **104** | EKSTRAHUDISYAL NA PAMAMASLANG |
| **12** | PAGDUKOT AT SAPILITANG WINALA |
| **236** | ILIGAL NA PANG-AARESTO |
| **145** | ILIGAL NA PANG-AARESTO AT PAGPIIT |
| **566** | ILIGAL NA PANGHAHALUGHOG AT KUMPISKASYON |
| **44,065** | BIKTIMA NG PAMBOBOMBA |
| **66,378** | BIKTIMA NG WALANG PATUMANGGANG PAMAMARIL |
| **29** | INDIBIDWAL NA KINASUHAN NG PAGLABAG SA ANTI-TERRORISM LAW* |
| **13** | INDIBIDWAL NA KINASUHAN NG PAGLABAG SA ANTI-TERRORISM FINANCING LAW* |

**sa Timog Katagalugan lamang*

### *Pagtalima sa kilusang pagwawasto*

# Magwasto at lumaban upang makapagpalakas

Higit pa sa pagdepensa sa sarili, opensiba sa pulitika. Ito ang mayor na aral sa pagwawasto na napagtanto nina Ka Lian at Ka Lucy, mga kadre ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran na gumagampan ng espesyal na linya ng gawain. Tungkulin ng kanilang yunit na mag-organisa at magpakilos ng mamamayan sa lungsod sa linya ng anti-pasistang pakikibaka na mahigpit na nakakawing sa anti-pyudal at anti-imperyalistang pakikibaka ng buong bayan. Aabot na sa sampung taon ang kanilang inilaan sa pagsusulong ng rebolusyon.

Ibinahagi nina Ka Lian at Ka Lucy sa Kalatas ang kanilang mga pananaw hinggil sa kilusang pagwawasto at mga partikular na hamon sa kanilang rebolusyonaryong gawain.

**Kalatas (K):** Ano ang pagtingin sa panawagan ng Partido na pagwawasto?

**Ka Lian (Li):** Napapanahon ang kilusang pagwawasto lalo't matindi at matagalang inaatake ang kilusang masa sa kalunsuran. Mula nang nabasa ang pahayag ng Partido sa ika-55 anibersaryo noong Diyembre 2023, nakatugon naman ang aming komite rito, inaral ang pahayag at naglunsad ng mga pag-aaral na dapat diinan ngayon. Bagama't may pagsisikap, hindi pa rin nalulubos dahil sa iba't-ibang kahinaan na unti-unti pang pinangingibabawan sa ngayon.

**K:** Anu-anong aktibidad ang inyong inilunsad kaugnay ng kilusang pagwawasto?

**Li:** Nakapagsagawa at nabasa sa antas ng komite ang mga pahayag at mga *memo*, nagbasa at binigyang-diin din ang mga dokumento sa SICA[1]. Mas indibidwal na pagbabasa ang isinagawa.

**K:** Sa inyong mga talakayan, anu-anong punto ang tumampok sa mga kasama?

**Li:** Tumampok sa mga talakayan ang hibo ng burukratismo, namumunong hiwalay sa pinamumunuan, at empirisismo.

**Ka Lucy (Lu):** Sa mga kahinaan, natukoy na malaki ang kakapusan sa paglalantad sa nangyayaring militarisasyon sa kanayunan. Bunga ito ng matamlay na kampanyang masa ng mga magsasaka na pangunahin sanang maglalantad dito. Hindi tuluy-tuloy ang pagsasagawa ng mga malawakang prop-ed sa mga komunidad na magsisilbi sanang sandata nila sa pagtatanggol ng kanilang sarili.

**K:** Tinalakay sa mga pahayag ng Partido ang iba't ibang anyo ng kamaliang bunga ng suhetibismo na sumagipsip sa rebolusyonaryong hanay. Anu-ano ang nakikita ninyong manipestasyon nito sa inyong organo?

**Li:** Sa mga pulong at konsultahan ay pansin na napaprayoridad ang mga pampulitikang gawain habang napag-iiwanan ang mga gawain sa ideolohiya at organisasyon. Naging manipestasyon din ng empirisismo, ang pagkasanay sa dating praktika at gawi. Tumampok ang kawalan ng SICA kaya nahihirapan na makita ang obhetibong kalagayan. Isa pang usapin ang maluwag na pagtangan sa linyang masa.

**K:** Anu-anong hakbangin ang inyong pinagkaisahan para maiwasto ang mga ito?

**Li:** Naging resolusyon namin na kahit sa mga konsultahan ay unahin ang mga usapin sa ideolohiya at organisasyon. May mga pauna ring pagsisikap para sa pag-aayos ng SICA. Isanib at pagsilbihin ang mga kampanyang masa sa pangkalahatang panawagan at kampanya natin at syempre para sa DRB[2].

Nakita rin ang punto ng paggawa ng ulat at pagtatasa sa bawat kampanyang masa na inilulunsad. Nag-iisip din ng mga bagong pamamaraan na labas sa nakasanayan.

**Lu:** Kailangang ituluy-tuloy ang mahuhusay nating praktika. May ininstitusyonalisa tayong mga pag-aaral na hindi lamang simpleng pampulitika, pang-ideolohiya rin at nagtataas sa kapasidad ng mga kasama. Pinauunlad ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga bagong pagsasanay. Isa na rito ang *psychosocial debriefing and psychological training* upang ipakilala ang mas maunlad na pangangalaga sa kalusugang mental sa gitna ng papatinding atake at papaimbulog na krisis.

**K:** Paano ipinatatagos sa kilusang masa ang kilusang pagwawasto?

**Li:** Ang kilusang masa ay nagsilbi rin bilang kilusang pag-aaral partikular sa pag-aaral sa praktika, sa obhetibong kalagayan, sa pagharap sa kaaway, sa kawastuhan ng digma. Bahagi nito ang pagpapatibay sa ideolohikal na kamulatan sa pagharap sa kaaway. Noong nakaraang taon pangunahing naging kampanya namin ang paglulunsad ng pag-aaral sa anti-pasistang pakikibaka sa lahat ng komunidad na inoorganisa at militarisado. Layunin nitong bigyan ng kaalaman ang mamamayan para maging sandata nila sa panahon na sila na ang inaatake ng kaaway.

**K:** Ano ang halaga ng kilusang pagwawasto sa harap ng tumitinding atake ng puting lagim?

**Li:** Hindi lang makakasalag ang kilusang masa sa kalunsuran sa pamamagitan ng pagbabalik-aral sa mga nailabas na *memo* at karanasan pa'no hinarap dati ang tindi ng atake. Ang kailangan ay matransporma ang mga aral upang makaopensiba sa iba't ibang anyo ng pampulitikang pakikibaka at magpatatag sa organisasyon.

**Lu:** Sa tindi ng pasistang atake sa rehiyon, pundamental ang pagpapalakas ng anti-pasistang paglaban.

**K:** Ano ang ang inyong kinakaharap na krisis at kahirapan sa pagkilos? Paano ninyo ito iigpawan?

**Li:** Malaki ang hinihinging tatag at lawak ng kaalaman sa iba't-ibang aspeto sa pagtitimon ng anti-pasistang kampanya mula ligal hanggang sa iligal at pagiging mapamaraan. May mga bahagi rin ito na nangangailangan na pumasok sa *arena* ng kaaway. Nakakalunod ito kung magpapakatali lamang sa ganitong usapin. Sa ngayon pinag-aaralan pa rin kung paano makakabwelo sa *organizing* sa mga iba pang sektor na malaking katuwang natin sa gawain.

Mabigat ang hamon na pangunahan ang iba't ibang mga tungkulin sa kalunsuran upang makapagsilbi sa kilusan sa kanayunan. Nagsisikap na patuloy na makapag-ambag sa rebolusyon sa abot ng makakaya at maging lakas ng mga kasama na napanghihinaan dahil sa matinding atake ng kaaway. Tinatanaw kong magpatuloy pa sa pagkilos at maging inspirasyon at lakas ang mga martir upang maipakita sa lahat ang kawastuhan ng DRB. K

___________________

*1 - Social investigation and class analysis (Panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri)*

*2 - Demokratikong rebolusyong bayan*

LATHALAIN

# Buwan ng pakikiisa sa rebolusyong Indian ng mamamayan ng TK

May NPA rin pala sa India?" Inosenteng tanong ni Ka Leo, isang katutubong Pulang mandirigma, matapos panoorin ang isang dokumentaryo tungkol sa mga gerilyang armadong pwersa ng People's Liberation Guerilla Army (PLGA) sa India. Ang bidyo ay isa sa mga materyales na ginamit ng grupo sa pulitika ng Platun Malaya upang ipakilala sa mga kasama ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Indian.

"Ka Leo, mga miyembro sila ng PLGA, hindi ng NPA. Pero katulad nga natin sila. Sila'y mga magsasaka, katutubo at kababaihang nag-armas para ipagtanggol ang kanilang lupa mula sa mga dayuhan. Pinamumunuan din sila ng isang partido komunista," paliwanag ng instruktor sa pulitika ng platun.

Inilunsad ang aktibidad na ito sa isang sonang gerilya sa TK ngayong Hulyo, bilang bahagi ng Buwan ng Pakikiisa ng mga rebolusyonaryong Pilipino sa paglaban ng mamamayang Indian sa Operation Kagaar. Ang Operation Kagaar ay isang brutal na kampanyang supresyon na inilulunsad ng rehimeng Modi laban sa armadong pakikibaka ng mamamayang Indian sa pamamagitan ng PLGA na pinamumunuan ng Partido Komunista ng India (Maoist). Nakatuon ang Operation Kagaar, na literal na nangangahulugang "katapusan", sa mabundok na rehiyon ng Abujhmaad (Maad). Matatagpuan ang Maad sa timog na bahagi ng estado ng Chhattisgarh na tahanan ng mamamayang Adivasi o mga katutubo. Tulad ng mga kontra-rebolusyonaryong oplan sa Pilipinas, ang Operation Kagaar ay nagwawasiwas ng pasismo upang bigyang daan ang pandarambong ng malalaking dayuhang korporasyon sa mayamang kagubatan ng India. Libu-libong mamamayan na ang pinalayas at napinsala ng Operation Kagaar.

Iniatas ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Hunyo na "gawin natin ang lahat ng kaya upang ipamalas ang suporta ng mamamayang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan sa mamamayang Indian at sa kanilang paglaban sa pasismo ng Operation Kagaar." Tumugon ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa TK sa tagubilin at naglunsad ng serye ng mga pag-aaral, kapehan at talakayan hinggil sa rebolusyong Indian. Naglabas din ng mga pahayag ng suporta at *poster* ang mga rebolusyonaryong organisasyon at mga yunit ng BHB sa rehiyon.

May anim na bugso ng pag-aaral at mga kulturang aktibidad tungkol sa rebolusyong Indian sa hanay ng mga Hukbo na iniulat sa Kalatas. Kasama rito

## Ang mga Anak ng Naxalbari [1]

*ni Gaddar*

*Malayang Salin ni V. Sanggangbayan*

Tinanong ng pulis ang apat na batang
lalake ng ganito:
  Alin ang inyong baryo, `toy?
  Alin ang inyong lugar?
  Alin ang inyong hukbo[2]?
  Sino ang kumander ng inyong hukbo?
  Kapag hindi kayo sumagot nang
malinaw
  Sisilaban namin kayo.
Kaya ang mga bata ng Naxalbari ay
tumugon:
  Kami ang mga anak ng Naxalbari
  Kami ang mga sagisag ng katarungan
  Kami ang panimbang ng
pagsasamantala
  Kami ang mga kapatid ni Satyamanna[3]
  Tangan namin ang pulang bandera
  Kami ang mga pulang araw.

______________

*1 Gaddar, Ang Aking Buhay ay Isang Awit: Ang Mga Himig ni Gaddar para sa Rebolusyon, isinalin ni Vasanth Kanna-biran (New Delhi: Speaking Tiger Books, 2021), 37.*

*2 Dalam (sa orihinal na pyesa) - isang itinalagang yunit ng mga rebolusyonaryo*

*3 Si Vempatapu Satyanarayana, o Satyam, ay isa sa mga martir ng kilusang Naxalbari.*

ang pag-aaral sa *memo* at praymer tungkol sa Operation Kagaar na inilabas ng PKP. Ang dinaluhang *film showing* ni Ka Leo ay una sa serye ng mga aktibidad sa kanilang yunit.

Sa yunit ng Magiting, bukod sa mga pag-aaral ay pinanood ng mga kasama ang pelikulang Chakravyuh upang mas malalim na maunawaan ang lipunang Indian, kalagayan ng mamamayang Indian laluna ang mga katutubo at kasaysayan ng pakikibakang Indian laban sa kolonyalismo at terorismo ng estado.

"Kagayang-kagaya sa Pilipinas ang kalagayan ng lipunan. Maging ang gawain ng PLGA ay tulad ng sa atin," obserbasyon ng mga kasama sa Magiting.

Dinala ng mga Pulang mandirigma ang natutunan tungkol sa rebolusyong Indian sa mga talakayan sa masang magsasaka at katutubo. Ayon sa yunit ng Matapat, nakita ng mga lokal kung paano naghihirap ang mamamayang Indian dahil sa lumalalang pyudalismo, burukrata kapitalismo at imperyalismo. Naniniwala silang dapat labanan ito hindi lamang ng mga Pilipino at Indian, kundi lahat ng mamamayang inaapi sa buong daigdig.

Sa inilunsad namang pag-aaral ng Batayang Kurso ng Partido para sa lokal sa erya ng Magiting, naging dagdag na punto ang rebolusyong Indian sa mga paksang Saligang Proletaryong Paninindigan at Pananaw sa Rebolusyon at Imperyalismo. Higit nitong inarmasan ng kaalaman sa pandaigdigang sitwasyon ang mga kasapi ng Partido sa lokalidad at kongkretong ipinakita ang diwa ng proletaryong internasyunalismo sa kanila.

Sinariwa sa mga aktibidad ang kagitingan ng PLGA at mamamayang Indian. Muling binasa ang lumabas na balita sa Ang Bayan na matagumpay na opensiba ng PLGA laban sa mga armadong pwersa ng estadong Indian noong Enero 16 at Pebrero 1. Bahagi ito ng kanilang kontra-atake sa Operation Kagaar. Sa opensiba noong Enero 16, nagtamo ang Central Armed Police Force at espesyal na yunit na Combat Battalion for Resolute Action ng 35 patay at 40 malubhang sugatan. Bilib na bilib ang mga Pulang mandirigma at nagsabing, "Ang galing!"

Malaking inspirasyon sa mga kasapi ng BHB ang pagpupunyagi ng mga Indian lalo ng mga Adivasi sa pagsusulong ng digmang bayan. Sa Malaya, humanga ang mga kasama sa napanood na babaeng mandirigma ng PLGA na nagsabing, nakikidigma siya para sa mamamayan at handa siyang mamatay para rito. "Napakataas ng diwa ng mga Indian. 'Yan talaga ang kailangan natin para gapiin ang imperyalismo," pagbabahagi ni Ka Leo sa pagtatapos ng aktibidad.

*KILOS PROTESTA*



## *Mayorya, bumoto ng yes*
# Mga manggagawa sa Nexperia, magwewelga

Tumindig ang mayorya ng manggagawa ng Nexperia Philippines Inc. sa pangunguna ng Nexperia Philippines Inc. Workers' Union (NPIWU-National Federation of Labor Unions- Kilusang Mayo Uno) na maglunsad ng welga kontra sa iligal na pagtatanggal ng mga manggagawa. Ito ang resulta ng isinagawang *strike vote* noong Hulyo 29-30 sa pagawaan sa Cabuyao, Laguna.

Sa kabuuang 1,883, bumoto pabor sa welga ang 1,246 manggagawa, habang 48 lamang ang tumutol dito, dalawa naman ang may *spoiled* na balota, dalawa din ang may *invalid* na balota at 585 naman ang hindi bumoto.

Naging matagumpay ang *strike vote* sa kabila ng pagkaantala nito, na una nang naiskedyul noong Hulyo 17-18. Ang nasabing *delay* ay dulot ng imbing pakana ng maneydsment ng kumpanya na pigilan at isabotahe ito sa pamamagitan ng panggigipit nito sa unyon ukol sa paggamit ng mga pasilidad ng pabrika at panghihimasok sa mismong aktibidad ng unyon. Tinuligsa rin ng mga manggagawa ang inihaing kundisyon ng kumpanya na *ID tapping* sa botohan dahil maaaring magamit ito laban sa kanila.

Nagsampa na ang unyon ng Notice of Strike sa National Conciliation and Mediation Board Region IV-A sa Calamba, Laguna noong Hunyo 26. Ang desisyong ito ay sagot ng mga manggagawa sa di-makatarungang mga kundisyon sa paggawa tulad ng pagtatanggal sa mga upisyal ng unyon, pansamantalang pagtanggal sa mga kasapi ng unyon at paglabag sa mga probisyon na nakasaad at napagkasunduan sa Collective Bargaining Agreement. Noong 2023, nagkaroon ng malawakang tanggalan sa kumpanya, kung saan ginamit ang mga palusot na *"cost-optimization"*, pagpapaunlad na makinarya o teknolohiya, at "mababang perpormans" ng mga manggagawa. Biktima nito ang halos 600 manggagawa.

Binati at sinuportahan naman ng iba't ibang unyon at pederasyon ng mga manggagawa ang tagumpay na ito ng mga manggagawa ng NPIWU-NAFLU-KMU. Idiniin din ng KMU ang kahalagahan ng "malakas at mahigpit na pakikipagkaisa ng mga unyon, manggagawa at iba pang mga sektor ng mamamayan upang matiyak na maituluy-tuloy ang welga hanggang sa pagpapanalo nito."

# 3 sundalo, patay sa engkwentro sa Mansalay, Oriental Mindoro

Tatlong sundalo ng 203rd Brigade ang napaslang at may ilan pang nasugatan sa labanan sa pagitan ng kanilang tropa at isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro noong Hulyo 11 sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro.

Ayon sa ulat ng LdGC, umatake ang mga tropa ng 203rd Brigade AFP bandang alas-6:05 ng umaga, sa Sityo Lukban. Aktibong nagdepensa ang mga Pulang mandirigma na nagresulta sa kaswalti sa hanay ng mga pasista. Ligtas na nakaatras ang yunit ng BHB Mindoro. Gumamit ang 203rd Brigade ng *Black Hawk helicopter* at dalawa pang *heligunship* bilang suporta sa *pursuit operations* ngunit bigo sila.



Ayon sa tagapagsalita ng Melito Glor Command BHB-Southern Tagalog na si Armando Cienfuego, "Ang naganap na labanan ay resulta ng matinding panghahalihaw ng 203rd Brigade sa mga bayan ng Mansalay, Bulalacao at Roxas bilang desperadong hakbang na 'malipol' ang rebolusyonaryong pwersa sa Mindoro. Tuluy-tuloy ang mga operasyong militar sa mga naturang bayan kabilang ang San Jose at Magsaysay sa Occidental Mindoro."

Bago ito, nagpakalat ang 203rd Brigade ng balita ng pekeng labanan sa Brgy. Benli, Bulalacao noong Hunyo 25 para bigyang matwid ang pagpapakat ng malaking tropa sa Bulalacao, Mansalay at Roxas.

Samantala, matapos ang labanan, iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso ang katutubong Mangyan na si Itaw Agrumyan, lider ng Sityo Lukban. Ilang araw lang ang nakalipas, ganito rin ang ginawa sa dalawa pang katutubo kasama ang dalawa nilang pasahero habang nasa byahe sa Brgy. San Roque, Bulalacao. K



# P170 milyon, winaldas ni Marcos Jr. para sa pasilidad militar ng US

Kasabay ng pagbibigay-limos sa mga Palaweño na nasalanta ng El Niño, ipinagyabang ni Marcos Jr. noong Hulyo 18 ang malapit nang matapos na paliparan para sa base militar ng US sa isla ng Balabac. Pinondohan ito ng P170 milyon ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas.

Ang proyektong ito ay alinsunod sa Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), na pinirmahan ng Pilipinas at US noong 2014. Taliwas sa pinapakalat ng gubyerno ni Marcos II na ang EDCA ay "tulong" at "pagtatanggol" ng imperyalistang US sa Pilipinas laban sa tumitinding presensyang-militar ng China sa West Philippine Sea, ito ay tagibang na kasunduang nagbibigay ng higit na kapangyarihan sa US na ligal na gamitin ang teritoryo at ultimong pondo ng bayan ng Pilipinas para sa paghahanda at pagposisyon nito sa napipintong gera laban sa China.

Paglilinaw ni Marco Valbuena, Chief Information Officer ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ang pagmamadali ng konstruksyon ng *runway* sa Balabac ay pagpapakita ng paninikluhod ng rehimen sa among imperyalista. Plano umano ng US na gamitin ang nasabing isla sa Palawan bilang base militar nito para sa pagposisyon ng kanyang mga armas pandigma at mga tropang Amerikano. Salungat ito sa naunang deklarasyon ni Marcos Jr. na nais niyang "pahupain" ang tensyon sa pagitan ng Pilipinas at China.

Binatikos ng PKP ang paglustay ni Marcos Jr. ng pondo ng sambayanang Pilipino sa mga katulad na proyekto para sa kanyang among imperyalistang US sa gitna ng walang-humpay na pagsirit ng presyo ng mga bilihin, barat na sahod, at pananalanta ng mga kalamidad. K

# Protestang bayan, sagot ng mamamayan ng TK sa ikatlong SONA ni Marcos Jr.

Umabot sa 600 mamamayan ng TK ang lumahok sa protestang bayan upang batikusin ang ikatlong SONA ni Marcos Jr. noong Hulyo 22. Kasabay ito ng mga protesta sa iba pang bahagi ng bansa at sa ibayong dagat.

Umaga bago ang SONA ni Marcos Jr. sa Batasang Pambansa, pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan - Timog Katagalugan (BAYAN-TK) ang People's SONA, kasama ng iba't ibang organisasyon ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, mga tsuper at opereytor ng dyip, pambansang minorya, maralitang lungsod, guro, manggagawang pangkalusugan, kawani ng gubyerno at iba pang mga demokratikong sektor, sa kahabaan ng Commonwealth Ave., Quezon City. Dito, inilahad nila ang mga isyung kinakaharap ng mamamayan sa rehiyon tulad ng mababang sahod ng manggagawa, pangangamkam ng lupa ng magsasaka, pagpasok ng mga mapanirang proyekto at negosyo at teroristang pang-aatake ng estado. Inilantad din nila ang lumalalang krisis sa ekonomya ng bansa katulad ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, kawalan ng trabaho at paghina ng agrikultura, kasabay ng pangangayupapa ng rehimeng Marcos II sa amo nitong imperyalistang US.

Minarkahan nila ang pagtatapos ng People's SONA sa pagsunog ng isang *effigy* nina Marcos Jr. at Sara Duterte na tinawag nilang "Pilas ng Pagniningas", na sumisimbolo umano sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa paulit-ulit na pagsasamantala, kultura ng impyunidad, at iba pa.

Bago ito, naglunsad ang BAYAN-TK ng karaban noong Hulyo 18 mula sa Laguna hanggang sa University of the Philippines - Diliman. Sunud-sunod na protesta ang inilunsad nila sa iba't ibang ahensya sa Metro Manila, kabilang ang rali sa embahada ng US mula Hulyo 20-21.

Kinundena ng mga progresibong grupo ang pagtatalaga ni Marcos Jr. ng 23,000 pulis sa Metro Manila para pigilan ang mga kilos-protesta sa araw ng SONA. Hinarangan ng mga pulis ang delegasyon ng mga pambansa-demokratikong organisasyon na nagmartsa papuntang Batasan Pambansa sa may Diliman Doctors Hospital sa kahabaan ng Commonwealth Ave.

Liban sa pambansang protesta sa Quezon City, nagkaroon ng protesta ang mga detenidong pulitikal at migranteng Pilipino sa Canada, US, Austria, Germany, Italy, Switzerland, United Kingdom, Australia, Hong Kong, Japan, South Korea at Taiwan. K

**TUGON** *ni* PATNUBAY DE GUIA

# Ano ang pagtingin ng rebolusyonaryong kilusan sa nakaraang SONA ni Marcos Jr.?

Hungkag na mga tagumpay at pangako ang nilalaman ng State of the Nation Address (SONA) ni Ferdinand Marcos Jr. noong Hulyo 22. Kagaya ng mga nagdaang administrasyon, kasinungalingan ang SONA ni Marcos Jr. at hindi kumakatawan sa tunay na kalagayan ng bayan. Tanging ang imperyalismong US at mga naghaharing uri ng paksyong Marcos-Romualdez ang natutuwa sa ibinahaging SONA.

Sa kabila ng mga pakana ni Marcos Jr. na pigilan ang protestang bayan noong SONA, matagumpay na ipinahayag ng mamamayang Pilipino ang kanilang tunay na kalagayan. Taliwas ito sa engrandeng mga talumpati at huwad na islogang "Bagong Pilipinas" ni Marcos Jr.

Nakikiisa ang NDFP at mga kaalyadong rebolusyonaryong organisasyong masa sa inilahad na kalagayan at problema ng bayan. Para sa mga magsasaka, kasinungalingan ang ipinagmamalaki ni Marcos Jr. na pamamahagi ng lupa. Nananatiling wala o kulang ang kanilang lupa dahil monopolyado ito ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya komprador. Pakitang-tao lamang ang mga programa ng pamamahagi ng lupa ng rehimen. Patunay rito ang naganap na pamamahagi ng pekeng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) sa Palawan noong Abril kung saan maling impormasyon ang nasa papeles kagaya ng pangalan ng benepisyaryo at tirahan. Nalantad din na namamahagi ang rehimen ng CLOA kahit sa mga dati nang benepisyaryo.

Tinutuligsa naman ng mga manggagawa ang sinasabi ni Marcos Jr. na nakamit na taas-sahod sa mga rehiyon sa pamamagitan ng mga *tripartite consensus*. Katunayan, gamumo lamang ang taas-sahod ng mga manggagawa. Sa National Capital Region, P35 lamang ang iginawad na taas-sahod, pinakamataas sa buong bansa. Napakalayo ng kanilang arawang kita sa sumisirit na presyo ng mga pangunahing bilihin. Laganap ang kontraktwalisasyon at masahol na kalagayan sa pagawaan habang nananalasa ang iskema ng *union-busting* at pandarahas. Marami rin ang wala o kulang sa trabaho lalo sa hanay ng kabataan.

Kinukundena naman ng mga kabataan ang bumababang kalidad ng edukasyon sa bansa. Hindi pa rin nasosolusyonan ng rehimeng US-Marcos II ang kahirapan sa pagkatuto ng mga kabataan na nasa 91% noong 2021. Hindi akma ang mga ipinatupad

na programa ng Department of Education, lalo ang Matatag K-10. Nananatiling kolonyal, komersyal at pasista ng sistema ng edukasyon. Patuloy na dinadahas ng estado ang mga progresibo at makabayang kabataan na nakikibaka para sa karapatan ng bayan.

Pinapasan din ng maralitang kababaihan ang problema ng pamilyang Pilipino. Hindi nasolusyonan ang problema sa pagkain, pangunahin ang suplay at presyo ng bigas. Malaking kinaltasan ng badyet at lalung pinakitid ang saklaw at selektibo ang mga programang ayuda tulad ng 4Ps, TUPAD at iba pa. Maraming dumadaing na naaantala ang ayuda. Napakailap ng tunay at abot-kayang serbisyong panlipunan.

Pahirap din sa pambansang minorya ang mga proyektong pang-imprastraktura at pagmimina dahil winawasak nito ang kanilang tirahan at kabuhayan. Tampok dito ang mga proyektong pang-enerhiya na dam, *solar* at *wind* na itinatayo sa lupain ng pambansang minorya. Nagagalit ang mga Dumagat at Remontado sa iniraratsadang Kaliwa Dam sa hangganan ng Quezon at Rizal at Wawa Dam sa Rodriguez, Rizal. Marubdob ding nilalabanan ng mga Mangyan sa Mindoro at Palaw'an sa Palawan ang malakihan, dayuhan at mapangwasak na pagmimina na lumalason sa kanilang lupang ninuno.

Walang naniniwala na makabayan si Marcos Jr. dahil sa lantaran niyang pagpapakatuta sa imperyalismong US. Pinahintulutan niya ang pagdadagdag ng apat na base militar sa bansa sa bisa ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. Paparaming tropang Amerikano ang lumalahok sa mga ehersisyong militar, pinakamarami ang dumalo sa nagdaang Balikatan Exercises noong Abril. Si Marcos Jr. ay maamong tuta na kakawag-kawag ang buntot na sumusunod sa kanyang among imperyalismong US para maisakatuparan ang niluluto ng huli na gera sa Asia Pacific laban sa China. Samantala, duwag siyang igiit sa China ang soberanong karapatan ng bansa sa West Philippine Sea at hinahayaan lamang brasuhin ng mga






Chinese *militia, coast guard* at *navy* ang mga Pilipinong pumapalaot sa naturang karagatan.

Isinusuka ng taumbayan ang pagpapakitang-tao ni Marcos Jr. na siya ay mas mabait kaysa dating presidente Duterte. Ipinagpapatuloy ni Marcos Jr. ang pasismo ng estado para supilin ang pakikibaka ng bayan. Duguan ang "Bagong Pilipinas" ni Marcos Jr. na halaw sa programa ng kanyang amang diktador. Ginagamit niya ang Anti-Terrorism Law at Anti-Terror Financing Law laban sa mga kritiko, oposisyon, progresibo at makabayan. Dapat ipabatid sa buong bayan na mula Disyembre 2023 - Hunyo 30, naitala ang 652 kaso ng paglabag ng rehimeng US-Marcos II sa karapatang tao na may 48,763 biktima.

Sa nilalaman ng SONA, paulit-ulit na pinatutunayan ni Marcos Jr. na siya'y protektor ng imperyalismong US, malalaking burgesya komprador, burukrata-kapitalista at panginoong maylupa. Sila ang nakikinabang sa ipinangangalandakan ni Marcos Jr. na mga patakaran ng kanyang administrasyon sa todong liberalisasyon sa pag-aangkat, mga proyektong imprastrakturang pinondohan ng dayuhan at sa patakaran ng murang paggawa at pagpapalit-gamit sa libu-libong ektarya ng lupa upang makaakit ng dayuhang pamumuhunan. Layon din nitong kunin ang buu-buong suporta ng US sa kanyang pagkapit-tuko sa poder.

Iniresulta ng mga kalakaran ni Marcos Jr. ang higit pang

pagbuyangyang ng ekonomya sa dayuhan o neoliberalismo na lalong magpapabagsak sa kabuhayan ng bayan. Ang pagiging *import-dependent* at *export-oriented* na ekonomya ay nagkakait na tumindig sa sariling paa at lalong nagtutulak sa pagkaatrasado at de-industriyalisado ng bansa. Dahil sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, lalong malulugmok ang mamamayan sa kahirapan.

Nais palabasin ni Marcos Jr. na "nagkakaisa" ang bayan sa balangkas ng kanyang "Bagong Pilipinas." Ngunit hindi na maitatago pa ang napakalaking bitak sa hanay ng mga Marcos-Romualdez at Duterte. Garapalan nang nagbabangayan ang dalawang paksyon dahil kapwa silang sugapa sa yaman at kapangyarihan. Hindi na dumalo si Sara Duterte at iba pang alipores ni Duterte sa Kongreso sa ikatlong SONA ni Marcos Jr. Ang paglala ng hidwaan sa pagitan ng mga naghaharing uri at ang lumalalang krisis ng bayan ay matabang lupa sa pagsusulong ng rebolusyon.

Paalala ang kahungkagan ng SONA ni Marcos Jr. na wasto ang pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon upang makaalpas sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Kailangang ibunsod ang mga pakikibakang bayan na magpapayanig sa paghahari ng nabubulok na rehimeng US-Marcos II. Ubos-kayang isulong ang pakikibaka ng bayan para sa kanilang kabuhayan. Kasabay nito, marapat ipaglaban ang karapatang tao at singilin ang estado sa mga krimen nito. Patuloy na pag-ibayuhin ng bayan ang pakikibaka laban sa pangangayupapa ni Marcos Jr. sa interes ng US sa gitna ng malalang kalagayan ng mga Pilipino.

Determinado ang mga rebolusyonaryong pwersa at buong sambayanan na puspusang makibaka hanggang makamit ang pambansa-demokratikong adhikain ng bayan. K

## Rehimeng Marcos II, pabaya at inutil noong bagyong Butchoy at Carina

Nalantad ang kriminal na kapabayaan, kainutilan at mga depektibong proyekto ng reaksyunaryong gubyerno ni Marcos Jr. sa lala ng pinsalang tinamo ng mamamayan sa paghagupit ng bagyong Butchoy at Carina nitong Hulyo.

Walang tigil at malakas na mga pag-ulan ang dinala nina Butchoy at Carina sa bansa, na nagpalala sa habagat. Dulot nito, maraming mga probinsya sa Luzon at maging ang NCR ay lumubog sa matataas na baha at nakaranas ng *flashflood* at pagguho ng lupa na nakapinsala sa napakaraming buhay, kabuhayan at imprastraktura. Dahilan ito upang ipasailalim ang mga probinsya ng Batangas, Cavite, at Oriental Mindoro sa Timog Katagalugan; Bulacan at Bataan sa Gitnang Luzon; at lahat ng mga lungsod sa NCR sa *state of calamity* simula pa noong Hulyo 25.

Sa tindi ng pinsala, kinwestyon ang integridad ng higit P244-bilyong halagang mga proyekto ng rehimeng US-Marcos II na umano'y para sa "pagkontrol ng baha", na nauna niyang ipinagmayabang sa kanyang ikatlong SONA.



*Litrato ng pagpasok ng baha sa Upper Wawa Dam Reservoir sa Rodriguez, Rizal sa kasagsagan ng bagyong Carina*

Nalantad din ang pagpapabaya ni Marcos Jr. pagdating sa usapin ng pangangalaga sa kalikasan at pagpapauna ng interes ng mga kapitalista.

Ayon mismo sa tala ng reaksyunaryong gubyerno, umabot sa 46 ang namatay sa kasagsagan ng mga bagyo, 14 pa ang nasugatan, at 5 ang nawawala. Sa kabuuan, nasa mahigit 6.1 millyong Pilipino o 1.6 milyong pamilya ang nasalanta ng nasabing kalamidad. Sa mga ito, mahigit isang milyong indibidwal ang napalikas mula sa kanilang mga tirahan.

Malaking dagok din sa sektor ng agrikultura at sa mga masang magsasaka ang pinsalang dala ng mga nagdaang bagyo. Sa pagtaya ng NDRRMC, nasa mahigit P1.3 bilyon ang kabuuang halaga ng mga nasirang pananim at palaisdaan na nakaapekto sa higit 47,000 magsasaka at mangingisda. Ayon sa paunang ulat ng DA, mahigit P251 milyon ang naging pinsala ng bagyong Carina sa mga pananim, kung saan 90% nito ay palay habang higit 5% ay mais. Pinakamalala ang pinsalang ito sa mga probinsya ng Cotabato (P65 milyon), Oriental Mindoro (P59 milyon), at Pampanga (P40 milyon).

Dagdag pang ulat ng National Irrigation Administration IV-A, aabot sa P29.1 milyon ang halaga ng nasirang irigasyon sa CALABARZON.

Nasira rin ang nasa 90 eskwelahan sa Luzon at Visayas dahil sa bagyong Carina, ayon sa ulat ng DepEd. Dagdag pa ng DepEd, 324 eskwelahan ang ginamit para maging *evacuation centers*, na naging sanhi ng suspensyon ng mga klase sa mga lugar na ito.

Kabalintunaang ipinagmamalaki ng reaksyunaryong gubyerno ang P70 milyong ayudang ipinamahagi nito na malinaw na kakarampot para magkasya sa milyong apektado ng kalamidad. Walang linaw naman kung kailan ilalabas ng DBM ang P11 bilyong ayuda na pangako ni Marcos Jr. K

# US, pangunahin pa ring salot na imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas

KONGKRETONG PAGSUSURI SA KONGKRETONG KALAGAYAN

Sa kabila ng paghamon ng imperyalismong China sa dominasyon at kontrol ng US sa Pilipinas sa pagtatangka nitong magpalakas ng impluwensya sa pamamagitan ng pangkating Duterte, nananatili pa rin ang imperyalismong US bilang pinakadominanteng imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas na masasalamin sa pagkubabaw nito sa ekonomya, pulitika, militar, kultura at ugnayang panlabas ng bansa. Pinatunayan at tiniyak sa mga nagpalit-palitang rehimen hanggang sa kasalukuyang rehimeng Marcos II ang higpit ng kontrol nito sa bansa gamit ang mga neoliberal na patakarang pang-ekonomya, mga hindi pantay na tratadong militar, pagpwesto ng matatapat na papet mula sa lokal na naghaharing uri, mga bayarang ahente at paghawak sa leeg sa armadong pwersa ng estado.

Upang itago ang neokolonyal na relasyon ng US at Pilipinas, isinusubo sa bayan ang kalokahang ang US ay kaibigan, kuya o alyado, ngunit kung tutuusin, mahigit sandaang taon nang nasa ilalim ng kapangyarihan ng imperyalismong US ang Pilipinas. Sinakop ng US ang Pilipinas matapos agawin ang kalayaang ipinagtagumpay ng mga Pilipino sa Rebolusyong 1896 laban sa kolonyalistang Espanyol. Noong 1898, lihim na pinirmahan ng Spain at US ang Tratado ng Paris kung saan nagbayad ng $20 milyon ang US sa una upang "angkinin" ang Pilipinas. Pinaputok ng US ang Digmaang Pilipino-Amerikano at inilunsad ang isang gera ng agresyon. Mula 1900-1946, umiral ang tuwiran o kolonyal na paghahari ng US sa Pilipinas. Sa takot na ibayong lumakas ang kilusang pagpapalaya ng sambayanang Pilipino, napilitan ang US na ibigay ang huwad na kalayaan noong Hulyo 4, 1946 at hinirang ang Pilipinas bilang isa sa mga susing malakolonya nito sa Asia.

**Kontrol sa ekonomya**

Malalim ang pang-ekonomikong interes ng US sa Pilipinas. Dahil sa pangingibabaw ng US, naging malapyudal, atrasado, pre-industriyal ang ekonomyang Pilipino. US at mga kasabwat nitong imperyalistang kapangyarihan ang kumokontrol sa mga saligang industriya sa bansa. Nagpapatuloy ang paghuthot nito ng murang hilaw na materyales mula sa Pilipinas at pagpapabaha rito ng surplas at basurang yaring produkto. Ginawa nitong lagakan ng surplas na kapital at tagasuplay ng murang lakas-paggawa ang bansa. Nakamit ito ng US sa pamamagitan ng mga reaksyunaryong batas at kasunduan sa kalakalan at pagpapaanib sa Pilipinas sa mga kasunduan at samahan sa "malayang kalakalan" tulad ng World Trade Organization at APEC. Pinatigas ang kaayusang ito gamit ang neoliberalismo sa nakaraang 40 taon.

Mula't sapul nagpapasasa na ang imperyalismong US sa mga hilaw na materyales ng Pilipinas. Sing-aga ng 1909 isinabatas ang Payne-Aldrich Tariff Act na nagtanggal sa taripa sa mga produktong Amerikano na dadalhin sa Pilipinas habang "malayang mag-eksport" ang Pilipinas sa US ng mga hilaw na materyales, pangunahin ng asukal, minerales at troso. Matapos mapaso ang batas, pinalitan ito ng iba upang panatilihing nakasentro ang kalakalang panlabas ng Pilipinas sa US. Itinali ang halaga ng piso sa dolyar kaya't obligadong mag-eksport nang mag-eksport upang mag-ipon ng reserbang dolyar at "palakasin" ang piso.



Pangunahing sagka sa pambansang kaunlaran ang relasyon sa US. Noong 2023, mahigit 60% ng eksport mula Pilipinas tungong US ay mga *components* katulad ng *electronics, ignition wiring sets, machinery at transport equipment,* na pawang mga produkto ng mga dayuhan sa *export processing zones* at walang kontribusyon sa lokal na industriya. Pati ang kapital at industriya sa bansa ay kinopo ng US. Ito ang may pangalawang pinakamalaking imbak na *foreign direct investment* sa bansa (FDI) na halagang US$18 bilyon sa Pilipinas sunod sa US$29 bilyon ng Japan. Labas pa rito ang iba pang daluyan ng kapital galing US tulad ng pautang kapwa sa gubyerno at mga pribadong kumpanya. Tulad ng kalakaran sa eksport, walang pag-unlad na idinulot ang pagbaha ng FDI sa Pilipinas.

Dahil atrasado ang ekonomya, inaangkat ng Pilipinas ang mga pangunahing pangangailangan sa produksyon, at sa paghambalos ng neoliberalismo, pati mga *consumer goods* at pagkain. Laging mas malaki ang gastos sa import ng bansa kaysa kinikita sa eksport na nagreresulta sa patuloy na pagtaas ng taunang depisito sa kalakalang panlabas ng Pilipinas, kung saan umabot na ito sa $58.2 bilyon noong 2022. Ang problema, laging kapos ang dolyar sa bansa kaya't laging nangungutang. Umabot na sa nakakalulang Php15.3 trilyon ang utang ng gubyerno ng Pilipinas nitong Mayo 2024.

Dagdag na instrumento ang mga "utang" at "ayuda" upang makapagdikta ang US ng mga kundisyong pumapabor sa imperyalismo sa kapinsalaan ng mamamayan. Ilan dito ang liberalisasyon ng import, deregulasyon ng ekonomya, pagsasapribado ng mga korporasyon ng gubyerno, pag-aalis ng subsidyo o suporta sa agrikultura, mabilis na pagpapataas sa mga buwis, pleksibilisasyon sa paggawa, pagbabawal sa mga unyon, kontraktwalisasyon at pambabarat ng sahod. Sa kabilang panig, binibigyang insentiba at *tax breaks* ang mga dayong kapitalista at nagpapatupad ng mga patakarang pang-akit sa mga dayuhan gaya ng Maharlika Investment Fund, Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises (CREATE) More, Ease of Doing Business at Luzon Economic Corridor.

Pinopondohan at ipinangungutang pa ng lokal na estado ang engrandeng plano sa imprastruktura tulad ng Build Build Build ng rehimeng Duterte at Build Better More ni Marcos Jr. na nagpaprayoridad sa mga kalsada, tulay at proyektong enerhiya na direktang magagamit ng mga empresang naglilingkod sa *global supply chain* ng imperyalismo. Alinsunod ito sa Indo-Pacific Economic Framework for Prosperity (IPEF) ng US na nakikitang susing pusod ang Pilipinas sa pagpunta ng US Trade Mission at lokasyon ng Indo-Pacific Business Forum.

Sa kasalukuyan, itinutulak ng imperyalismong US ang *charter change* upang tanggalin ang mga natitira pang ligal na hadlang sa 100% pag-aari ng mga dayuhan sa mga industriya sa midya, edukasyon at kultura at ang 123 Agreement na magpapasok sa bansa ng mga negosyo sa nukleyar ng mga Amerikanong korporasyon.

**Pangingibabaw sa pulitika at militar**

Hinawakan ng US ang estado-poder sa Pilipinas upang patuloy na maipataw ang interes nito sa bansa. Nag-aruga ito ng mga tuta mula sa lokal na naghaharing uri at hinulma sila upang maging mga burukrata-kapitalista na susupil sa kanilang mga kababayan na naghahangad ng tunay na pambansang kalayaan. Upang kumpletuhin ang panlilinlang, pinasinayaan ng US ang sistema ng reaksyunaryong eleksyon na nagbigay ng ilusyon ng demokrasya at pagsasariling gubyerno ng mga Pilipino.

## MGA KASUNDUANG MILITAR SA PAGITAN NG US AT PILIPINAS

**Military Assistance Agreement (1947).** Nagtakda ng patuloy na kontrol ng US sa lokal na reaksyunaryong hukbo sa pamamagitan ng Joint US Military Advisory Group o JUSMAG. Ang JUSMAG ang tagapayo at tagapagsanay sa AFP at nagpapahiram o nagbebenta ng armas at iba pang kagamitan.

**RP-US Mutual Defense Treaty ng (1951).** Nagpalawig sa ligal na karapatan ng imperyalistang US na arbitraryong makapanghimasok sa mga usaping panloob ng Pilipinas.

**Acquisition and Cross-Servicing Agreement (1992).** Nagbigay-laya sa mga pwersang militar ng US na pumasok at gumamit ng anumang pasilidad, saanmang dako at kailanman nanaisin.

**Visiting Forces Agreement (1998).** Pinahintulutan ang mga pwersang militar ng US, gaano man kalaki, na gumamit ng anumang bahagi at pasilidad, pagkukunan ng suplay anumang oras at gaanuman katagal, nang hindi sinasaklaw ng hurisdiksyon ng mga korte sa Pilipinas.

**Mutual Logistics Support Agreement (2002).** Nagpahintulot sa US na gamitin ang lahat ng daungan at mga pasilidad militar sa buong bansa para sa mga hayag at lihim na aktibidad gaya ng mga pagsasanay at ehersisyong militar, operasyon at *deployment* ng tropa.

**Enhanced Defense Cooperation Agreement (2014).** Nagpahintulot sa militar ng US na magtayo ng restriktadong mga pasilidad militar sa loob ng mga kampo ng AFP at iba pang pinagkasunduang lokasyon; pinayagan ang mas madalas na mga ehersisyong militar, pagdadaong ng navy at iba pang mga operasyon; at pagbibigay sa militar ng US ng tuwirang superbisyon sa ispesyal na pwersang pulis sa pagsasagawa ng operasyon.

> **"Hinawakan ng US ang estado-poder sa Pilipinas upang patuloy na maipataw ang interes nito sa bansa. Nag-aruga ito ng mga tuta mula sa lokal na naghaharing uri at hinulma sila upang maging mga burukrata-kapitalista na susupil sa kanilang mga kababayan na naghahangad ng tunay na pambansang kalayaan."**

Ang nakaupo sa poder na pamilya Marcos ay mga sagadsaring tuta ng US. Nagmula sa pinagsanib na pamilya ng mga panginoong maylupa na Romualdez at Marcos, kinalugdan ng US ang matandang Marcos na bihasa sa maruming pamumulitika at pagpoposturang "tagapagligtas ng bayan." Kinunsinti ng imperyalismo ang kanyang malalang burukratikong kurapsyon at hinayaan itong mag-imbak ng nakaw na yaman sa loob mismo ng US. Hindi naputol ang mahigpit na ugnayan ng mga Marcos sa imperyalismong US. Katunayan, sa Amerika tumira ang mga ito matapos ang Pag-aalsang EDSA at hindi napanagot sa kanilang mga krimen sa bayan.

Tagapagmana ng pagpapakatuta sa US si Marcos Jr. Hinigitan din niya ang sinundang rehimeng Duterte sa pagiging sunud-sunuran sa US. Sa dalawang taon, apat na beses na siyang opisyal na bumisita sa US at madalas ring dumayo ng Pilipinas ang mga opisyal ng gubyerno ng US. Sa kanilang mga pulong niluluto ang mga bagong kasunduang militar at pang-ekonomya kapalit ng suporta ng US sa paghahari ng dinastiyang Marcos. Bilang tuta, masugid si Marcos Jr. sa pagtupad sa mga atas ng US kaugnay sa China at ngayo'y mayor na tagapagkalat ng *sinophobia* upang ilatag ang mga kundisyon sa pagputok ng inaasam ng US na gera sa Asia Pacific.

Mas mabigat kaysa sa mga papet na burukrata ang papel ng Armed Forces of the Philippines at ng buong establisyimentong panseguridad sa patuloy na dominasyon ng US sa Pilipinas. Tinitiyak nitong nakaupo sa mga ahensya sa depensa at pambansang seguridad ang mga tuta nito tulad nina Hermogenes Esperon, Delfin Lorenzana at Eduardo Año. Nagrerekluta rin ang US ng mga ahente nito sa hanay ng mga militar at burukrata at pinupuspos ang indoktrinasyon nila sa mga paaralang pang-militar sa US gaya ng West Point Academy.

Nasasalamin sa operasyon ang pagiging kolonyal ng AFP. Mayroong mga Amerikanong "tagapayong militar" sa mahahalagang departamento ng reaksyunaryong hukbo na direktang nakikialam sa estratehikong pagpaplano at paniniktik nito. Umaasa rin ang AFP ng tulong na armas, pinaglumaang mga kagamitang pandigma at pagsasanay mula sa US.

Kasangkapan ng US ang AFP-PNP sa pagkakamit sa mga pulitiko-militar na layunin nito. Sa panloob na aspeto, pangunahing kamay ng US ang AFP sa pagsupil sa mga makabayan at demokratikong pwersang Pilipino lalo ang PKP-BHB-NDFP na naglalayong ibagsak ang dominasyon ng US sa Pilipinas. Sumusunod din ang AFP sa estratehiyang geo-pulitikal ng US sa daigdig kaya't sumusuporta sa gerang agresyon ng imperyalismo, gaya noong nagpadala ng mga tropang Pilipino sa Vietnam at Korean War.

Sa kasalukuyang pakikipaggirian ng US sa China, katulong ng US ang AFP sa pagpapaigting ng *naval surveillance*, maniobra at pagpapatrolya sa South China Sea at West Philippine Sea. Malugod na tinanggap ng AFP ang dalawang US *carrier strike group* (USS Ronald Reagan at USS Nimitz) sa rehiyon, kasama ang maraming iba pang barkong pandigma, sasakyang nabal at panghimpapawid ng US. Pinayagan din ang pagdaraos ng pinakamalaking Balikatan US-PH *joint military exercises* sa bansa at paglahok ng Pilipinas sa iba pang *joint exercises* kasama ang US, Japan at Australia sa West Philippine Sea.

Sa inilatag na kalagayang sosyo-ekonomiko at pulitiko-militar, malinaw na US pa rin ang pangunahing imperyalistang kapangyarihang nakikinabang at kumokontrol sa Pilipinas. Ang katotohanang ito ay nilalabusaw sa isip ng mga Pilipino sa pamamagitan ng impluwensya ng US sa mga institusyong pang-edukasyon, akademya, midya, *pop culture*, *internet* at iba pang daluyan ng kultura.

Gayunman, ang walang habas na kasakiman at terorismo, kasabay ng neokolonyalismo at neoliberalismo ang lalong naglalantad sa pagkabangkarote ng US. Itinutulak nito ang mamamayang Pilipino na pasidhiin ang pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa kasunod na yugto nitong sosyalista. K

**Abangan sa Kalatas Agosto ang kasunod na bahagi ng "US, pangunahin pa ring salot na imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas"*

## MGA BASE MILITAR NG US SA BISA NG EDCA*

1. NAVAL BASE CAMILO OSIAS SA SANTA ANA, CAGAYAN
2. LAL-LO AIRPORT SA LAL-LO, CAGAYAN
3. CAMP MELCHOR DELA CRUZ SA GAMU, ISABELA
4. FORT MAGSAYSAY SA NUEVA ECIJA
5. BASA AIR BASE SA PAMPANGA
6. ANTONIO BAUTISTA AIR BASE SA PALAWAN
7. BALABAC ISLAND SA PALAWAN
8. BENITO EBUEN AIR BASE SA CEBU
9. LUMBIA AIRPORT SA CAGAYAN DE ORO

**Siyam pa lamang ito sa 17 tukoy na base na ginagamit ng US sa bansa*

# Berdugong AFP at PNP, nangunguna sa paglabag sa karapatang-tao sa TK

Patung-patong na naman ang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng pinaghalong pwersa ng berdugong AFP-PNP laban sa mamamayan ng TK. Ngayong Hulyo, pito ang iligal na inaresto at ikinulong, at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso; isa ang kaso ng pananakot, panghaharas at intimidasyon, at isang Pulang mandirigmang *hors de combat* ang pinatay ng mga uhaw-sa-dugong pwersa ng AFP.

**Iligal na pag-aresto**

***Rizal.*** Isang organisador ng magsasaka ang iligal na inaresto ng 80th IBPA sa Antipolo City noong Hulyo 9. Bandang alas-otso ng gabi, sapilitang nanghimasok sa tinutuluyan ni Melchor Luyao ang di bababa sa sampung armadong lalaki na nagbanta pa ng pamamaril. Nang humarap si Luyao sa kanila, inaresto nila si Luyao gamit ang *warrant of arrest* na may ibang pangalan. Sa kasalukuyan, nakakulong pa rin si Luyao sa San Mateo Municipal Jail sa bisa ng gawa-gawang kasong *illegal possession, manufacture and acquisition of firearms, ammunition and explosives.*

Isang organisador din ng mga katutubong Dumagat at Remontado ang iligal na inaresto noong Hulyo 18 sa Brgy. Burgos, Rodriguez, Rizal. Dinakip si Laila Ramos ng 80th IBPA sa tabing ng pekeng engkwentro laban sa mga pwersa ng Bagong Hukbong Bayan sa lugar. Sinampahan siya ng gawa-gawang kaso at nakapiit hanggang ngayon.

***Oriental Mindoro.*** Tatlong katutubong Mangyan ang iligal na inaresto ng mga sundalo ng 203rd Bde noong ikalawang linggo ng Hulyo. Nananatili silang nakakulong sa mga walang-batayan kasong kriminal na isinampa ng mga pwersa ng estado laban sa kanila.

Iligal na dinakip at ikinulong ng mga sundalo ng 203rd Bde ang lider-Mangyan ng Sityo Lukban, Brgy. Panaytayan, Mansalay na si Itaw Agrumyan noong Hulyo 11. Idinadawit si Agrumyan ng mga pasistang pwersa sa naganap na labanan sa pagitan ng 203rd Bde at BHB sa kanilang sityo noong araw ring iyon.

Noong Hulyo 13, dalawa pang Mangyan ang hinuli sa Brgy. San Roque, Bulalacao at ikinulong sa arbitraryong paratang na ang kanilang mga pasahero ay mga kasapi ng BHB. Hanggang sa ngayon, hindi pa inilalabas ng mga militar ang pagkakakilanlan ng dalawa o iniaanunsyo ang pagkakadakip sa kanila. Kaugnay nito, dalawang tagapagtaguyod ng karapatan ng mga magsasaka na si Joy Laguardia at kasama niya ang iligal ding inaresto ng 4th IB at Philippine National Police (PNP) sa parehong insidente. Inilitaw lamang sina Laguardia matapos ang dalawang araw (Hulyo 15) at sa pagpupursige ng kanilang mga kamag-anak at kaibigan. Pinararatangan silang matataas na upisyal ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at BHB sa Timog Katagalugan.

**Kontra-demanda**

Sinampahan ng apat na aktibistang kabataan ng kontra-demanda ang dating kumander ng 59th IBPA na si Lt. Col. Ernesto Teneza Jr., kasama ang 16 upisyal-miltar at limang iba pa sa Ombudsman noong Hulyo 19. Sagot ito nina Hailey Pecayo (tagapagsalita ng Tanggol Batangan), John Peter Garcia (Youth Advocates for Peace and Justice – UPLB), Kenneth Rementilla (Anakbayan Southern Tagalog) at Jasmin Rubia (Mothers and Children for the Protection of Human Rights) sa mga isinampang gawa-gawang kaso ng mga sundalo laban sa kanila. Ilan sa mga kasong isinampa nina Pecayo laban sa mga sundalo ay *perjury, grave coercion, grave misconduct, conduct prejudicial to the best interest of service, oppression* at *unfair discrimination based on political affiliation*.

**Karahasan sa sibilyan**

Sa Antipolo City, Rizal, sinuntok ng isang sundalo ng 80th IBPA ang sibilyang si David Papagitan noong Hunyo 29 sa Brgy. San Jose. Matapos nito ay pinagbantaan pa si Papagitan ng sundalo na papatayin kung patuloy umano siyang makikipag-ugnayan sa BHB. Bukod dito, ilang buwan nang isinailalim ng militar ang buong barangay sa mahigpit na pagbabantay at pagmamanman.

**Pagpatay sa *hors de combat***

Walang-awang pinaslang ng mga elemento ng 80th IBPA si Wally "Ka KM/Honda" Agudes, isang opisyal ng BHB-Rizal na nasa katayuang *hors de combat*, matapos dakpin nang buhay sa tinutuluyan niya noong Hulyo 18 sa Brgy. Burgos, Rodriguez, Rizal. May malalang sakit noon si Ka KM at walang kakayahang lumaban. Isa itong malinaw na paglabag ng 80th IBPA sa International Humanitarian Law na pumuprotekta sa karapatan ng mga *prisoners of war* (POW) at hors de combat. Sinungaling ang 80th IBPA sa pagpapakalat na "nanlaban" si Ka KM kaya pinatay. 🅺



# Mga Mangyan na Iligal na inaresto at ikinulong ng 203rd Bde, palayain!

*Mula sa MINDORO (Mangyan Rebolusyonaryong Organisasyon sa Mindoro), 24 Hulyo 2024*

Pinagbalingan ng mga pasistang pwersa ng 203rd Brigade ang mga katutubong residente at ang mga lider sa aming mga komunidad dahil sa pinsalang tinamo ng mga pasistang sundalo laban sa nakasagupang yunit ng LDGC-NPA-Mindoro noong Hulyo 11. Tampok na kaso ang iligal na pag-aresto at pagpapakulong kay Sityo Lider Itaw Agrumyan ng So. Lukban, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Walang batayan at walang kaukulang proseso ng batas ang pag-aresto at pagbinbin kay G. Itaw kung kaya malinaw na paglabag ito sa karapatang pantao ng mga katutubo at pagsalaula sa batas ng digma.

Idinadawit siya sa naganap na aktibong pagdepensa ng NPA nang inatake ito ng pwersa ng reaksyunaryong pamahalaan. Nagngingitngit ang mga sundalo na hindi nila nadurog ang yunit ng NPA at sa halip ay sila itong nagtamo ng malaking kaswalti.

Mariing kinokondena ng MINDORO, ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga katutubong Mangyan, ang iligal na pag-aresto at pagbinbin kay So. Lider Itaw. May pananagutan ang mga berdugong 203rd Brigade sa lansakang paglabag na ito sa karapatan ng mga katutubong Mangyan.

Nauna pa dito, dalawa namang Hanunuo-Mangyan na taga-Bulalacao ang iligal na inaresto at ikinulong matapos silang maharang sa tsekpoynt sa simpleng pagdududa na nagpik-ap diumano sila ng pasaherong miyembro ng NPA. Aming pinatutunayan na karaniwang mamamayan at hindi NPA ang mga katutubong Mangyan na nagsaydlayn sa pamamasada bilang pandagdag na kita sa pagsasaka.

Hinahangad namin ang katarungan at ang agad na pagpapalaya kay Sityo Lilder Itaw at sa dalawa pang Hanunuo Mangyan na nakakulong hanggang sa mga oras na ito sa Roxas District Jail, Oriental Mindoro.

Napakadaling mag-imbento ng gawa-gawang kaso ng berdugong 203rd Bde kapag ang nais nilang gipitin ay kaming mga katutubong Mangyan. Hindi na mabilang ang mga kaso bagamat malinaw sa aming alaala ang duguang kamay ng AFP-PNP kung sa pagtrato ng mga katutubong Mangyan pa lamang ang pag uusapan.

Ang pagbaling sa sibilyan laluna sa aming mga katutubo sa mga inilunsad ng operasyong militar ng AFP-PNP laluna tuwing nabibigo ang operasyon ng sundalo ay nagiging karaniwang kaganapan na. Kaya lalong nabubuo ang galit naming mga katutubong Mangyan sa mga pasistang sundalo at lalo lamang na patunay ito na walang maasahang proteksyon ang mga Mangyan sa kamay ng sundalo ng reaksyunaryong gobyerno. Naturingan pang alagad ng batas subalit kabaliktaran ang nangyayari dahil sila ang naghahasik ng teror sa aming hanay. Sila itong mga tagapagyurak sa aming karapatan at kagalingan, mga berdugong nanghahalihaw sa aming pamayanan, mga salot na nagbabagsak ng bomba sa aming mga bahayan at bukid at nagpapaputok ng walang patumangga saan man at kailan man nila naisin. Sila rin itong sapilitang nagpapasuko at may pagbabanta kung hindi susundin ang sapilitan nilang pagpapasuko kahit wala kaming kasalanan. Sila rin itong nanggagahasa sa aming mga ina at kadalagahang katutubo.

Nanawagan kami sa lahat ng Mindoreño na suportahan ang aming kahilingan na ipatigil na ang ibinubuhos na pondo ng bayan sa mersenaryong AFP PNP, sa programang NTF-ELCAC ng pasistang rehimeng US-Marcos II. Hindi napapakinangan ng mamamayan ang mga pondo ng bayang inilaan dito at pagwawaldas lamang ng pera sa programang kontra insurhensya na walang ibang binibiktima kundi kaming mga katutubo at iba pang mamamayang lumalaban para sa kanilang lehitimong karaingan at interes.

Tunay ngang nakikita naming mga Mangyan at kapatid na mamamayang Mindoreño na ang New People's Army (NPA) ang tunay na Hukbong nagtatanggol sa aming mga katutubo at mga mahihirap. Ang NPA ang siyang naging katuwang namin upang ipaglaban at nagtatanggol sa aming mga lupang ninuno at naggagarantiya ng aming karapatan sa pagpapasya-sa-sarili.

Nauunawaan namin na ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay hindi maihihiwalay sa aming pagkatao at ang pinakamataas na pagsasabuhay nito ay ang karapatang lumaban sa isang mapang-aping gobyerno kapag hindi ito umaayon at naglilingkod sa aming batayang karapatan at interes.

Nananawagan kami sa aming kapwa Mangyan na igiit natin ang paglaya ng nakakulong nating kapwa katutubong kasamahan, at habang nasa kulungan ay dalawin sila. Ipaabot natin ang hinaing at mga kahilingan sa kinauukulan para sila ay mapalaya. Patuloy tayong kumilos at magpataas ng kakayahan sa pulitika at organisasyon tungo sa pagtatayo ng isang gobyernong tunay na demokratiko, representatibo at malaya sa dayuhang kontrol. Isang gobyernong iluluwal ng rebolusyonaryong pakikipagkaisa sa iba pang aping uri at sektor sa lipunang Pilipino.

Igiit at ipaglaban natin ang karapatan sa lupang ninuno at papapasya sa sarili bilang tuntungan sa pagkakamit ng katarungan sa ating kaapihan, diskrimasyon at pagpapabaya ng gobyerno sa ating kalgayan. Nanawagan din kami sa lahat ng Mindoreño na aktibong kumilos upang patuloy na imulat, pataasin ang pag-unawa sa lipunan at pataasin ang pagkakaisa sa ilalim ng pambansa demokratikong programa na isinusulong ng rebolusyonaryong pwersa sa pangunguna ng CPP-NPA-NDFP.

Sa kagyat dapat na kumilos upang mapalaya ang lahat ng iligal na inaresto at pinaratangan ng gawa gawang kaso na walang tinutuntungang batayan.

Ipaglaban ang karapatan at kagalingan ng mga katutubong Mangyan at mamamayan. Ito lamang ang tamang landas ng pagsulong upang makamit ang tunay na kalayaan, karapatan, katarungan at kapayapaan. K


MAMAMAYANG
PILIPINO
AT INDIAN
MAGKAISA
LUMABAN!
LABANAN ANG PASISMO!
LABANAN ANG IMPERYALISMO!
PLGA
MGC-NPA ST